Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-14 NG ABRIL, 2021 SA GANAP NA IKA-09:26 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | ---------------- | *Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ---------------- | Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT C. RANA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ---------------- | Pangulo-LNB |

**KAPASIYAHAN BLG. 24 T. 2021**

**KAPASIYAHANG NAGGAGAWAD NG PAGKILALA SA MGA PROYEKTO AT MGA NAISAKATUPARANG GAWAIN NG YUMAONG PANGULO NG PEDERASYON NG MGA SANGGUNIANG KABATAAN (PSK) KGG. RENZO L. MATIENZO SA LOOB NG KANIYANG NAGING PANUNUNGKULAN**

Akda ni Kgg. Ariel D. Añonuevo - Pangulo, Liga ng mga Barangay

**SAPAGKAT,** ang panunungkulan ng yumaong Pangulo ng Pederasyon ng mga Sangguniang Kabataan na si Kgg. Renzo L. Matienzo ay nagbunga ng iba't ibang proyekto at mga aktibidad upang maghatid serbisyo sa mga kabataan ng labing-anim (16) na mga barangay ng Bayan ng Lumban na nakasentro sa Kalusugan, Edukasyon, Economic Empowerment, Social Inclusion and Equity, Peace Building and Security, Governance, Active Citizenship and Environmental Protection, na pawang mga pangunahing sinasaklaw at pinagtutuunan ng Sangguniang Kabataan;

**SAPAGKAT,** nakapagsagawa rin ang Pederasyon sa pangunguna ni Kgg. Renzo L. Matienzo ng mga paliga ng Basketball at iba pang mga aktibidad pampalakasan upang dalhin ang isipan at atensyon ng mga kabataan sa mas makabuluhang mga bagay, nakapagdaos din ng mga gawain na nakasentro sa pangangalaga sa kalikasan gaya ng mga "Operation Linis" at tree planting activities, gayun din ang mga gawain na nagpalago sa kakayahan ng mga "Out of School Youth" sa pamamagitan ng mga trainings na itinaguyod ng mga katuwang ng mga lokal na pamahalaan gaya ng TESDA at CBK Power Co. LTD;

**SAPAGKAT,** binigyan din ng malalim na pagpapahalaga sa panunungkulan ni Kgg. Renzo L. Matienzo ang pagbibigay pagkilala sa mga kabataang mag-aaral ng Bayan ng Lumban sa pamamagitan ng pagkakaroon ng taunang halalan para sa mga youth counterparts ng mga opisyal at pinuno ng lokal na pamahalaan bilang pagbibigay daan sa selebrasyon ng Youth Week at pakikiisa sa pandaigdigang buwan ng mga kabataan,

**SAPAGKAT,** si Kgg. Renzo L. Matienzo ay nakapagsilbi sa Sangguniang Bayan ng Lumban, sa Pederasyon ng mga Sangguniang Kabataan at sa Pamahalaang Barangay Maytalang I at nakagawa ng iba pang mga gawain bilang lider-kabataan mula taong 2018 hanggang sa araw ng kaniyang pagpanaw kung kaya't bilang pagpupugay sa kaniyang halimbawa ay marapat lamang na kilalanin ang kaniyang mga naiambag sa pagtataguyod sa mga kabataang Lumbeño sa pamamagitan ng tapat at walang pasubaling paglilingkod;

**DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Ariel D. Añonuevo na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ng Kagawad na nagsidalo ay;

**IPINASIYA,** ng gaya ng dito ay IPINAPASIYA, na pagtibayin ang kapasiyahan na naggagawad ng pagkilala sa mga proyekto at mga naisakatuparang gawain ng yumaong Pangulo ng Pederasyon ng mga Sangguniang Kabataan (PSK) Kgg. Renzo L. Matienzo sa loob ng kaniyang naging panunungkulan;

**IPINASIYA PA RIN,** na padalhan ng sipi ang mga mahal sa buhay ng yumaong Pangulo ng Pederasyon at SK Chairperson, at iba pang kinauukulang personalidad at tanggapan para sa kanilang kabatiran at magalang na pagsasaalang-alang.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-14 ng Abril, 2021.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt041421res24*